Paano Mag-Apela ng Desisyon ng FEMA

Release Date: Sep 9, 2023

Kung ikaw ay nakatanggap ng liham mula sa FEMA at hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng FEMA tungkol sa iyong pagiging karapat-dapat, maaari kang mag-apela sa desisyong iyon. Maaaring kinakailangan ng FEMA ang karagdagang impormasyon sa pagproseso ng iyong aplikasyon.

Ang Proseso ng Pag-apela

Maaari kang magsumite ng isang nakapirmang liham na nagpapaliwanag kung bakit ka hindi sumasang-ayon sa desisyon ng FEMA at magbigay ka ng karagdagang impormasyon o dokumento na sumusuporta sa iyong apela. Dapat maisumite ang apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa ng liham ng pagiging karapat-dapat. Isama ang mga sumusunod:

- Buong pangalan ng aplikante, pangunahing address bago ng sakuna, kasalukuyang address at kasalukuyang numero ng telepono
- Numero ng aplikasyon (9 na numero) ng aplikante para sa FEMA, matatagpuan sa itaas ng liham ng pagiging karapat-dapat (sa bawat pahina)
- Numero ng deklarasyon ng sakuna ng FEMA DR 4734 (sa bawat pahina)
- Pirma ng aplikante at petsa
- Karagdagang impormasyon na sumusuporta sa iyong apela (mapapatunayang tantiya ng kontratista, papeles sa seguro, kahit anong karagdagang dokumento na hiniling ng FEMA sa liham ng pagiging karapat-dapat)

Kung piliin mong magsumite ng liham ng pagiging karapat-dapat ang isang ikatlong partido sa ngalan mo, ang liham ay dapat pirmahan ng ikatlong partido. Bukod pa rito, isama ang isang pahayag na pinirmahan mo na nagpapahintulog sa ikatlong partido na mag-apela sa ngalan mo.

Ipadala ang iyong liham dito:

Gamit ang koreo sa: FEMA, P. O. Box 10055, Hyattsville, MD 20782-8055

Ang mga liham ng apela at sumusuportang dokumento ay maaari ring i-upload **to** iyong account sa DisasterAssistance.gov, i-click ang “Check Status” sa pangunahing pahina at sundin ang mga tagubilin, o **mag-fax sa** 800-827-8112 Attn: FEMA.

Maaari ka ring bumisita sa pinakamalapit na Disaster Recovery Center (DRC o Sentro ng Pagbawi sa Sakuna) at isumite ang iyong apela. Para sa impormasyon tungkol sa bukas na DRC, at oras ng DRC, pwede kang bumisita sa aming DRC pahina ng Locator sa: DRC Locator (fema.gov) Maghanap gamit ang estado at piliin ang Florida.

Kung ikaw ay may tanong tungkol sa proseso ng pag-apela o kailangan ng tulong, pwede kang tumawag sa Linya ng Tulong ng FEMA sa 800-621-3362.